



Sakripisyo para sa Pamilya



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Sir 3:3-7, 14-17a)

²ANG MGA AMA ay binigyan ng Panginoon ng kapangyarihan sa mga anak, at iniutos niya na sundin ng mga anak ang kanilang ina. ³Ang **gumagalang sa kanyang ama**'y nagbabayad na sa kanyang kasalanan, ⁴at ang **nagpaparalang sa kanyang ina**'y parang nag-iimpok ng kayamanan. ⁵Ang **gumagalang sa kanyang ama**'y paliligayahin naman ng kanyang mga anak, at ang panalangin niya'y agad diringgin ng Panginoon. ⁶Ang **nagpaparalang sa kanyang ama at nagdudulot ng kaaliwan sa kanyang ina**, ay tumatalima sa Panginoon; pahahabain ng Diyos ang kanyang buhay. ¹²Anak, **kalingain mo ang iyong ama** pag siya'y matanda na, at huwag mo s'yang dudulutan ng sama ng loob habang nabubuhay. ¹³Pagpaumanhinan mo siya kapag nanlalabo na ang kanyang isip; huwag mo s'yang lalapastanganin ngayong nasa kasibulan ka na ng iyong lakas. ¹⁴Ang **paglingap mo sa iyong ama** ay

di makakalimutan ng Panginoon, iyan ay magiging kabayaran sa iyong mga kasalanan.

Tema: **Paggalang sa Magulang**

PAGPAPALIWANAG

- Ang teksto ay galing sa pangkat ng mga deuterokanonikong mga aklat ng Lumang Tipan.
- Anim na beses ginamit ang katagang **Paggalang o Karangalan** at ang mga salitang katulad o kahawig nito sa pagbasa. Ang Diyos ang nagbibigay Dangkal o Karangalan sa ating mga magulang.
- Ipinapaalala ng pagbasa na marapat igalang ang ating ama lalo na sa panahon ng pagkawala ng kanyang isip (b. 13).
- Bagama't nasa dapithapon na ang ating mga magulang at nasa rurok o kasibulan naman tayo n gating lakas at pag-iisip, at madalas pang nakalilimot sila o nagkukulang, sinasabi ng Guro ng Karunungan na magsisilbing

kabayaran sa mga pagkakamaling bunga ng ating kabataan ang kabutihan natin sa ating mga magulang.

- Sinasabi pa ng Karunungan na maaaring hindi natin madama o makita ang bunga sa ngayon, ngunit ang gayong kabutihan at pag-unawa na ipinakikita natin sa kanila ay magdudulot ng panghabambuhay na epekto.

PAGNINILAY

Sinasabi ng anak ni Sirac (Ben Sirac) na isang pribilehiyo at karangalan ang pagiging isang magulang. Ngunit may kaakibat itong responsibilidad. Mayroong mga inaasahang tungkulin ang mga magulang.

Bagama't ang mga magulang, dala ng limitasyon sa kaalaman at kakulangan sa pagkamulat sa karanasan, ay nagkukulang sa kanilang pagsasabuhay ng mga atas o tungkuling ito, marapat na atin pa rin silang igo. Sa ating magalang na pakikipag-usap sa kanila, ang pagpapahayag ng ating mga saloobin at iniisip ay maging bahagi ng paggalang at kabutihang nais natin ibigay sa kanila.

SALMONG TUGUNAN (Slm 127)

MAPALAD ANG SUMUSUNOD NA TAONG MAY TAKOT SA D'YOS.

IKALAWANG PAGBASA (Col 3:12-21)

MGA KAPATID: ¹²Kayo'y hinirang ng Diyos, itinalaga para sa kanya at minamahal niya. **Kaya't dapat kayong maging mahabagin, maganda ang kalooban, mapagpakumbaba, mabait at matiisin.**

¹³**Magpaumanhinan kayo at magpatawaran kung may hinanakit kayo sa isa't isa. Pinatawad kayo ng Panginoon kaya't magpatawad din kayo.**

¹⁴At higit sa lahat, mag-ibigan kayo pagkat ito ang buklod ng ganap na pagkakaisa. ¹⁵At **paghariin ninyo sa inyong puso ang kapayapaang** kaloob ni Kristo, sapagkat ito ang dahilan kaya kayo tinawag upang maging bahagi ng isang katawan.

¹⁶**Magpasalamat kayong lagi. Ang mga salita ni**

Kristo ay itanim ninyong mabuti sa inyong isip. Magpaalalahanan kayo at magturuan nang buong kaalaman. Umawit kayo ng mga salmo, mga imno at mga awiting espirituwal, na may pagpapasalamat sa Diyos. ¹⁷At anuman ang gagawin ninyo, maging sa salita o gawa, **gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Hesus**, at sa pamamagitan niya'y magpasalamat kayo sa Diyos Ama.

Mga **babae, pasakop** kayo sa inyu-inyong asawa, sapagkat iyan ang kalooban ng Panginoon.

Mga **lalaki, ibigin** ninyo ang inyu-inyong asawa at huwag silang pagmamalupitan.

Mga **anak, sundin** ninyong lagi ang inyong mga magulang, sapagkat ikinalulugod iyan ng Panginoon.

Mga **ama, huwag ninyong kagagalan** nang labis ang inyong mga anak, at baka manghina ang kanilang loob.

Tema: Kung Paano Natin Dapat Pakitunguhan ang Bawa't Isa

PAGPAPALIWANAG

- Tinatalakay ng Pagbasa ang ating pakikipag-ugnayan sa iba sa tatlong antas:
- Ang ating kaugnayan sa bawat isa, kay Kristo/sa Diyos at sa mga miyembro ng ating pamilya. Bigyang pansin na dalawang beses sinabi ang mga kalalakihan sa pagbasa: una bilang mga asawa (na lalaki) at bilang mga ama.
- Buhat sa sinabi ni San Pablo (b. 12), kinakailangan maging mahabagin, mabuti at mababa ang kalooban, mabait at malawak ang pang-unawa ng bawat Kristiyano.
- Dapat maging matiisin o mapagpasensya (Pagtiisan ninyo ang isa't-isa) at magpatawad (bahagi ng pagpapasensya) ang bawat Kristiyano (b. 13).
- Kasama at dala-dala ng ating pakikipag-ugnayan bilang tao ang mga hindi

pagkakaunawaan at ang ating mismong sariling kakulangan.

- Sa pakikipag-ugnayan sa Diyos, pinaaalalahanan ni San Pablo ang mga Kristiyano na manatiling masagana sa Salita at kapayapaan ni Kristo, maging buhay sa Salita ng Diyos; turuan at patatagin ang bawat isa; at gawin ang lahat sa Pangalan ng Diyos atbp. (b.16).
- Ang susi at sikreto sa pakikipag-ugnayan sa pamilya ay ang pagpapakumbaba sa bawat isa (bb. 18-21).
- Walang pagmamalaki o pang-iinis o pang-hahamak.
- Marapat na sikapin ng bawat isa na makitungo at buuin ang mga pakikipag-ugnayan natin sa bawat miyembro ng pamilya.

MABUTING BALITA (Lc 2:41-52)

⁴¹TAUN-TAON, tuwing Pista ng Paskuwa, ang mga magulang ni Hesus ay pumupunta sa Jerusalem. ⁴²At nang labindalawang taon na siya, pumaroon sila gaya ng dati nilang ginagawa. Pagkatapos ng pista, sila’y umuwi na. ⁴³Nagpaliwanag si Hesus sa Jerusalem nguni’t hindi ito napansin ng kanyang mga magulang. ⁴⁴Sa pag-aakala ng isa na si Hesus ay kasama ng isa, nagpatuloy sila sa maghaponing paglalakbay. ⁴⁵Nang malaman nilang hindi siya kasama, siya’y hinanap nila sa kanilang mga kamag-anak at kakilala. Hindi nila siya matagpuan, kaya’t bumalik sila sa Jerusalem upang doon hanapin. ⁴⁶At nang ikatlong araw, natagpuan nila si Hesus sa loob ng templo, nakaupong kasama ng mga guro. ⁴⁷Nakikinig siya sa kanila at nagtatanong; at ang lahat ng nakarinig sa kanya ay namangha sa kanyang katalinuhan. ⁴⁸Nagtaka rin ang kanyang mga magulang nang siya’y makita. Sinabi ng kanyang ina, “Anak, bakit naman ganyan ang ginawa mo sa amin? Balisang-balisa na kami ng iyong ama sa paghahanap sa iyo.” ⁴⁹Sumagot siya, “Bakit po ninyo ako hinahanap? **Hindi ba ninyo alam na ako’y dapat na nasa bahay ng aking Ama?**” ⁵⁰Nguni’t hindi nila naunawaan ang

pananalitang ito.

⁵¹Siya’y umuwing kasama nila sa Nazaret, at naging isang masunuring anak. Ang lahat ng bagay na ito ay iningatan ng kanyang ina sa kanyang puso. Patuloy na lumaki si Hesus. ⁵²Umunlad ang kanyang karunungan at lalong kinalugdan ng Diyos at ng mga tao.

Tema: Pagsunod sa (Diyos) Ama at sa mga Magulang

PAGPAPALIWANAG

- Ipinapakita ng bb. 41-42 ang pagsunod nina Jose at Maria sa Batas (Torah): ang pagtungo sa taunang Pista ng Paskuwa sa Jerusalem.
- Bahagya tayong mapapaisip sa bb. 43 Bakit kaya hindi sinabi ni Hesus sa kanyang mga magulang ang kanyang balak na magpaiwan? (Inilalahad lamang ng may-akda ang mga kaganapan.)
- Ano sa palagay mo ang punto ng b. 44 (Akala nila). Marapat bang sisihin natin sina Jose at Maria dahil dito? (Hindi nanghuhusga ang may-akda, walang sinasabi; ipinagpapatuloy lamang niya ang paglalahad ng mga pangyayari.)
- Ano ba ang ipinahihiwatig ng b. 45? (baka naroon siya), ngunit wala silang paraan upang malamang naroon nga si Hesus.
- Inilalahad ng b. 46 ang pagkakita kay Hesus. Nabiyayaan ang pagsisikap nina Jose at Maria sa paghahanap kay Hesus. Ngayon naman ang binibigyang pansin ay si Hesus: nakaupo sa gitna ng mga Guro ng Batas, nakikinig sa kanila at nagtatanong.
- Inilalahad ng b. 47 ang reaksiyon ng mga taong nakapalibot sa templo (karunungan at mga sagot ni Hesus).
- Ipinakikita ng b. 48 ang reaksiyon ng kanyang mga magulang. Inilalarawan ng tanong ang pag-aalala nina Jose at Maria: “Anak, bakit mo naman ito ginawa sa amin?”
- Sa b. 49, pinamangha din sila ni Hesus. Nasa

tamang gulang na (raw) siya (talaga?) upang pangalagaan ang kaniyang sarili. Hindi na siya bata. Sa mga sandaling ito dapat na niyang simulan ang kanyang misyon.

• Ipinakikita ng b: 50 ang reaksiyon ng kanyang mga magulang: hindi nila naintindihan... Marahil hindi pa nila ganap na nauunawaan ang misyon ni Hesus.

• Sinasabi ng b. 51 na anak pa rin nila si Hesus, isang masunuring anak. Dito, binibigyan ni San Lucas ng isang natatanging paglalarawan kay Maria: Iningatan naman ng kanyang ina ang lahat ng ito sa kanyang puso. Ano ang ibig sabihin nito... pinagnilayan, pinag-isipang mabuti, patuloy na pagtatanong, paghahanap kahulugan?

• Ipinakikita ng b. 52 ang paglaki ni Hesus (sa karunungan at edad). Ihinahanda tayo ni San Lucas na makilala ang nakatatandang si Hesus.

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamatan dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

VERBUHAY (Filipino Edition)



II. PAG-UUGNAY

Tinatalakay ng Unang Pagbasa ang pagbibigay galang sa mga magulang. Itinuturo naman ng Ikalawang Pagbasa ang pagkakaroon ng magandang pakikipag-ugnayan sa bawat miyembro ng pamilya. Inilalahad ng Ebanghelyo ang halaga ng pagsunod sa kalooban ng Ama (ang iyong misyon, tungkulin).

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Anu-ano kaya ang mga pagbabago na nakatutulong sa pagbubuo at pagpapalalim ng ugnayan sa bawat pamilya? (HM)

- **Pagpapaliwanag:** Fr. Cielo Almazan, OFM
- Isinalin ni Cl. Buen Andrew D. Cruz, SSP

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamatan dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.

Luwalhati... (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)